



KAPASIYAHAN BLG. 2026-129

“NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT DEPARTMENT OF HEALTH – CENTER FOR HEALTH DEVELOPMENT REGION III AT NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS PARA SA IMPLEMENTASYON NG INTEGRATED CLINIC INFORMATION SYSTEM (iClinicSys).”

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Kyle Gabrielle DR. Navarro

Tagapangulo

Lupon sa Kalusugan, Nutrisyon, Sanitasyon, at Edukasyon

SAPAGKA’T, ang Department of Health – Center for Health Development (DOHCHD) Region III ay nagsusulong ng paggamit ng Integrated Clinic Information System (iClinicSys) bilang opisyal na Electronic Medical Record (EMR) System upang mapabuti ang pamamahala ng impormasyon ng mga pasyente, mapahusay ang kalidad ng serbisyong pangkalusugan, at mapabilis ang pagsusumite ng mga ulat sa Department of Health at Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth);

SAPAGKA’T, alinsunod sa Republic Act No. 11223 o ang Universal Health Care Act, itinataguyod ng pamahalaan ang digitalisasyon at integrasyon ng mga serbisyong pangkalusugan upang matiyak ang episyente, de-kalidad, at napapanahong paghahatid ng serbisyong medikal sa lahat ng mamamayan;

SAPAGKA’T, ang Memorandum of Agreement ay nagtatakda ng mga tungkulin at pananagutan ng Department of Health at ng Pamahalaang Bayan ng Bustos sa pagpapatupad, paggamit, pangangasiwa, pagpapanatili, at pangangalaga sa seguridad ng iClinicSys;

SAPAGKA’T, sa ginanap na pag-aaral ng Lupon sa Kalusugan, Nutrisyon, Sanitasyon, at Edukasyon ay napatunayang ang implementasyon ng iClinicSys ay inaasahang magpapahusay sa pamamahala ng mga rekord ng pasyente, magpapabilis sa pagbuo ng mga

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayanngBustos

kinakailangang ulat, at magpapataas ng kalidad at kahusayan ng mga serbisyong ipinagkakaloob ng Bustos Rural Health Unit;


KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. KYLE GABRIELLE DR. NAVARRO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan na bigyang pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang Pamahalaang Bayan ng Bustos na lumagda sa memorandum of agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Department of Health – Center for Health Development Region III para sa implementasyon ng Integrated Clinic Information System (iClinicSys).

PINAGTIBAY, ngayong ika-11 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni


Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni


Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni



Aljhaneal E. Quiñones
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni


Melvin H. Melencio
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni



Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni


Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay


Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan


Martin S.J. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng
Sangguniang Bayan ngayong ika-11 ng Agosto taong Dalawanlibo
Dalawampu't Anim.


Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim